

40 MINUTONG PAGBASA GAMIT ANG MULTIMEDIA PLATFORM: INTERBENSYON
HABANG ANG MGA PILING BATA SA IKAANIM NA BAITANG NG PAARALANG
ELEMENTARYA NG DELA PAZ WEST AY NASA HOME SCHOOL
LEARNING SCHEME DAHIL SA PANDEMYA



GLAIZA A. MUNSOD
GURO II
PAARALANG ELEMENTARYA NG KANLURANG DELA PAZ



JEANETTE V. ZAPATA
DALUBGURO I
PAARALANG ELEMENTARYA NG KANLURANG DELA PAZ



REBECCA L. RALLOS
GURO I
PAARALANG ELEMENTARYA NG KANLURANG DELA PAZ

ABSTRAK

Hindi lingid sa kaalaman ng bawat isa ang kasaluluyang sitwasyon ng ating bansa maging ang buong mundo dahil sa pandemya bunsod ng COVID 19. Dahil dito, wala pang kasiguruhan ang pagpasok ng mga bata sa paaralan upang makadalo sa kanilang mga aralin kung kaya't nanganganib din ang kalidad ng edukasyon sapagkat wala pang nakakaalam kung kalian matatapos ang krisis na ito. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay maraming naisip na paraan upang maipagpatuloy pa rin ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaral kahit nasa bahay lamang. Nais ng mananaliksik na gamitin ang multimedia flatform upang mapahusay ang pagbasa ng mga mag-aaral mula sa anim na baitang. Maraming multimedia flatform na maaaring gamitin sa panahon ngayon, nandiyan ang Google Meet, Messenger, at iba pa.

Bago pa man ang pandemya, ay may suliranin na ang mga guro sa usaping pagpapabasa, ganunpaman ang Kagawaran ng Edukasyon ay patuloy na naglulunsad ng mga programa upang matugunan ang mga ito. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod: (1) ang School Readiness Assessment Test na ibinibigay sa mga batang papasok sa unang baitang upang malaman ang kanilang kahandaan; (2) ang Philippine Informal Reading Inventory naman ang siyang sumusukat sa bilis o bagal sa pagbasa pati na rin ang antas ng pag-unawa; (3) ang ibang proyekto naman sa pagbasa ay galing sa mga partner ng paaralan upang makatulong sa pagtaas ng lebel sa pagbasa ng mga mag-aaral. (5) ang Every Child A Reader Program o ECARP ay gumagabay sa pagkakaroon na angkop na kagamitang panturo, babasahin at pagsasanay ng guro. Layunin nito na makabasa ang bawat mag-aaral sa pagsapit sa ikatlong baitang.

Kung kaya't dahil dito, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng isang pag-aaral na naglalayon na mapataas ang lebel ng pang unawa sa binasang seleksyon. Ito ay ang pagbibigay ng interbensyon sa mga mag-aaral mula sa baitang anim sa Paaralang Kanlurang Dela Paz gamit ang apatnapung minutong (40) pagbasa gamit ang multimedia faltform habang sila ay nasa kani kanilang tahanan

Susing Salita: pandemya, interbensyon, home school learning scheme

PANIMULA

Ang Paaralang Elementarya ng Kanlurang Dela Paz ay binubuo ng mga mag-aaral mula Kinder-Baitang 6. taong panuruan 2020-2021 ay may 1498 ang kabuuang mga mag-aaral ang nakatala dito na pinamumunuan ni Bb. Ruby Almadrones kasama ang 44 na guro.

Taon-taon ay isinasagawa ang pagpapabasa sa mga mag-aaral bago magsimula at bago matapos ang taung panuruan. Sa ginawang panimulang pagtatasa sa Filipino, marami pa ring mga bata ang may kahinaan sa antas ng pagbasang may pang-unawa. Ang mga mag-aaral mula sa Baitang Anim ay dapat na maihanda sa kanilang susunod na grado sa sekondarya, dapat lamang na mapahusay pa ang kanilang lebel ng pang-unawa sa binasang teksto.

Kung kaya't nagsagawa ng Aksyon Riserts si Gng Jeanette V. Zapata , guro sa Filipino ng Paaaralang Elementarya ng Dela Paz tungkol sa pagbasang may pang-unawa sa teksto para sa Baitang Anim napag-aralan kung paano napapataas ang antas ng kakayahan sa pagbasang may pang-unawa ang mga mag-aaral gamit ang multimedia flatform. Sa pamamagitan nito, nalaman ng mga nag riserts ang mga dahilan, problema at estratehiyang kailangang gamitin upang ganap na maunawaan ng mga bata ang mga babasahing teksto.

PAMAMARAAN

Sa simula ng una hanggang ikadalwang buwan ng pagsasagawa ng 40 minutong pagbasa ay gumamit ang mga mananaliksik ng mga pre-test para malaman ang lebel sa pagbasa ng mga mag-aaral. Dito ay napili na ang mga batang nangangailangan ng interbensyon. Binigyan

ng liham ang kanilang mga magulang ukol sa isinagawang interbensyon at pinapirmahan ang sulat na may pag sang-ayon. Sa mga napiiling mag-aaral, sila ay binigyan ng mga kuwentong babasahin at sasagutin sa loob ng isang linggo pagktapos nilang magsagot ng modyul. Dito nasanay ang mga bata sa pagbabasa gamit ang mga aklat. Sa ikatlong buwan ay binigyan naman sila ng mga babasahin na may mga tanong na mahuhubog ang kanilang Kritikal na pag-iisip.

Ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng interbensyon sa pagbasa gamit ang multimedia faltform. Dito ibinigay ng mga mananaliksik ang tekstong babasahin at mga tanong na kanilang sasagutin at pag uusapan sa loob ng apatanapung minute. Pagkatapos magbasa ay sinundan ito ng pagsasagot sa 3 tanong sa bawat isang kasanayan kada isang linggo sa asignaturang Filipino. Ang mga kasanayan ay ang pagsagot sa tanong na literal, inferensyal at kritikal. Nagkaroon ng virtual na kumustahan ang mga piling mag-aaral para makamusta ang kanilang pag-unlad sa pagbasa.

PAGTALAKAY

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay magiging basehan ng paraan ng pagpapabasa sa buong paaralan ng Paaralang Elementarya ng Kanlurang Dela Paz upang magkaroon ng ganap na pagkaunawa sa tekstong binabasa na isasagawa sa Nobyembre 2021..

Dahil malaki ang gagampanang papel ng multimedia sa panahon ng krisis na ito, ang mga guro at punungguro ay magakakaroon ng pagpupulong gamit ang google meet para sa gagawing pag-aaral. Pupulungin din ang mga magulang para masubaybayan ang mga bata na ugaliing magbasa sa bahay araw-araw. Pagtutulungan ng mga magulang at guro ang pagpapabasa ang mga bata upang magkaroon ng ganap na pang-unawa sa aralin sa Filipino.

PAGKILALA

Kinikila ng gurong mananaliksik ang mga sumusunod na personalidad

Mga magulang at mga batang respondents sa Baitang 6.

Mga kasamahang guro sa Paaralang Kanlurang Dela Paz.

Bb. Ruby C. Almadrones, dating Punungguro ng Paaralan,

Gng. Marietta I. Isabelo. ang bagong namumuno sa paaralan.

Dr. Delfina R. Antipolo, PSDS ng Distrik IV

Dr. Raquel L. Azur, Pansangay na Tagamasid sa Filipino

G. Edward Manuel Manuel, Senior Education Program Specialist-Planning and Research

G. Bayani Enriquez, Chief-SGOD

Gng. Mary Ann Tatlongmaria, Chief CID

Gng. Edna F. Agustin

Sa aking pamilya na aking inspirasyon sa araw-araw at higit sa lahat

Sa Panginoong Diyos sa patnubay at kung saan lahat ng biyaya ay nagmumula.

SANGGUNIAN

School Improvement Plan 2019

DepEd ORDER No. 18 , s. 2017

IMA WINNER '09 Seven Strategies to

Teach Students Text Comprehension, C.R.

Adler

<https://www.unite>

[4education.org/about/what-is-equality-education/](https://www.unite4education.org/about/what-is-equality-education/)